# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY
## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**BAHAGI NG KATITIKAN NG DI -PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG TAYTAY, RIZAL NA IDINAOS NUONG OKTUBRE 25, 2001 SA SILID PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN**

**DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Fernando R. Cabitac, Jr | - | Tagapangulo/ Pangalawang Punong Bayan |
| Kgg. Janet DL. Mercado | - | Konsehal |
| Kgg. Sharon B. de Leon | - | " |
| Kgg. Joselito T. Calderon | - | " |
| Kgg. Anastacio V. Alcantara | - | " |
| Kgg. Pochollo A. Esguerra | - | " |
| Kgg. Aldin B. Gatapia | - | " |

**HINDI- DUMALO :**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Arturo R. Valle | - | Konsehal (O.B) |
| Kgg. Reggie Lynn R. Gonzaga | - | " ( O.B) |
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr. | - | Pangulo ng Liga ng mga Barangay ( O.B) |
| Kgg. Archie R. Calderon | - | Pangulo ng Liga ng Sangguniang Kabataan ( O.B) |

---

**PANUKALA NINA:** Kgg. Joselito T. Calderon
Kgg. Sharon B. De Leon

**SPONSOR NINA:** Pang.Punong Bayan Fernando R. Cabitac,Jr
Miyembro ng Sangguniang Bayan

- - - - - - - - - - - - - - - - - -

### KAPASYAHAN BILANG 105

### KAPASYAHAN NA NAGTATAKDA NA WALANG PATULUYAN ANG KAPALARAN I ROAD MULA CORNER RIZAL AVENUE PATUNGONG MANILA EAST ROAD

SAPAGKAT, ayon sa Section 21-(A) ng Republic Act 7160 na lalong kilala bilang "Local Government Code of 1991" isinasaad nito na (A) temporarily close or open any local road, alley, park or square falling within its jurisdiction;

SAPAGKAT, ang kinatatayuan ng sementeryo ng Bayan ng Taytay ay sa lugar ng Rizal Avenue at Manila East Road, Brgy. San Juan kaya't ang ilan sa atin mga kababayan ay lubhang nahihirapang magtungo sa sementeryo sa Araw ng mga Patay;

SAPAGKAT, kung ating pangsamantalang itatakda na walang patuluyan ng anumang mga sasakyan mula Kapalaran I road corner Rizal Avenue patungong Manila East Road ay malaking kaluwagan sa daloy ng trapiko sa Bisperas at Araw ng mga Patay, ito ay makapaglingkod sa ating mamamayan na nais magtungo sa sementeryo at makapagdulot ng kaluwagan sa daloy ng trapiko;

MATAPOS ANG PAG-AARAL, ang Sangguniang Bayan ng Taytay alinsunod sa itinakda ng Republic Act No. 7160 at bilang pagtalima sa itinadhana ng Batas ay nagtatakda ng mga sumusunod;

SEKSYON 1. Pansamantalang itinatakda walang patuluyan ng anumang sasakyan mula Kapalaran I road corner Rizal Avenue sa Bisperas at Araw ng mga Patay;

SEKSYON 2. Ang pagpapatupad ng kautusang ito ay pangunahing tungkulin ng Brgy. Tanod ng Brgy. Dolores at Brgy. San Juan sa pamamatnubay ng Himpilan ng Pulisya ng Bayan ng Taytay.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayon ika- 25 ng Oktubre, 2001 sa Bulwagan ng Sangguniang Bayan sa Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal

PINATUTUNAYAN KO, na ang Kapasiyahan ito ay tunay at siyang katotohanan.

**NOLI G. DEL ROSARIO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATUTUNAYAN:

**KGG. FERNANDO R. CABITAC JR**
Tagapangulo/ Pangalawang Punong Bayan

PINAGTIBAY:

**KGG. JUNE V. ZAPANTA**
Punong Bayan